The Lord's Flock

THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## "Ano ang Pinipigil Mo?"

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
October 21, 2020

Sa buhay, ano ang mga pinipigil natin? Kaya ba natin ibigay sa Diyos ang lahat-lahat, para magamit Niya tayong baguhin ang mundo?
May dalawang grupo ng tao dito sa mundo. Ang isang grupo ay ang mga nagpipigil magbigay sa Diyos, at ang buhay nila ay agad nawawala; ang pangalawang grupo ay ang mga taong handang magbigay agad, at instrumento sila sa pagbabago ng mundo.

**Mga tauhan sa Bibliya na hindi nagpigil:**
**1.Pedro at Juan**-nagpatuloy silang mangaral sa Salita ng Diyos maski binalaan sila ng mga taga Sanedrin (Gawa 4:18-20).
**2.Mga apostol at sumasampalataya** (Gw. 2:42- 47) – itinalaga nila ang kanilang sarili sa pagsunod sa turo ng mga apostol at ipinamahagi ang lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa.
**3. Bernabe**-ipinagbili niya ang kanyang bukid at ibinigay sa mga apostol ang pinagbilhan (Gw4:37).

**Sino ang nagpigil mamigay sa Diyos?**
**Ananias at si Safira** - ipinagbili nila ang kanilang lupa, ngunit binawasan ni Ananias ang pinagbilhan (Gw 5:1:11).

**Mga nagawa nilang kasalanan:**
**1.Nagkaroon sila ng tunggalian.** Nakita nila ang pagtanging ibinigay kay Bernabe at nainggit sila. Ang tunay na lingkod ni Kristo hindi naghahangad ng papuri ng tao (Gal.1:10).
**2.Ninakawan nila ang Diyos.** Kahit maliit lang ang kinuha, ninakawan pa rin nila ang Diyos dahil nangako silang ibibigay ang lahat sa Kanya (Tit. 2:10; Mal3:10).
**3. Hindi sila naging matapat.**Sila'y nagplanong magsinungaling. Nalinlang sila ni satanas. Hindi natin madadaya ang Diyos (Gal. 6:7).
**4. Nagplano silang takpan ang kanilang panloloko.** Akala nila sa simula hindi sila nagkakasala. Pinag-usapan nila't nagpasyang magsinungaling (Gw 5:2).
**5. Sila'y mapagpaimbabaw.** Nagkunwari silang mapagbigay. Tanggalin natin ang ating mapagpaimbabaw na maskara at ipakita ang totoo nating pagkatao, dahil nasusuklam ang Diyos sa mga taong mapagpaimbabaw (Mt. 23:13).
**6. Hindi nila sinunod ang kanilang pangako.** Kung nangako ka sa Diyos, tuparin mo agad. Mabuti pang huwag ka nang mangako kaysa mangangako nang di tutuparin (Mang 5:3-6). Huwag hayaan ang ating bibig na daan ng ating pagkakasala.
**7. Nagsinungaling sila sa Diyos.** Ang Diyos ay Diyos ng katotohanan, galit sa mga taong sinungaling (Kaw 6:16-19). Hindi tayo pwedeng maging anak ng Diyos kung nagsisinungaling tayo (Jn 8:44). Ipinadala ang Espiritu Santo para turuan tayo (Jn 16:13).
**8. Nakagawa sila ng masamang plano**. Hinatulan sila sa kanilang pandaraya at pagkukunwari. Hindi tayo pinilit na ibigay ang lahat, pero kung nangako tayo, huwag magpigil, tuparin ang pangako.

**Kung makakaramdam tayo ng pagpipigil sa pagbibigay sa Diyos, alalahanin ang mga sumusunod**:
1.Hindi atin ang mga nasa atin. Pag-aari lahat ito ng Diyos.
2. Mananatili sa mundo ang lahat ng naipon natin.
3. Kung pakakawalan natin ang mga makamundong bagay, mababago natin ang mundo.

**Pagninilay:**
1.Nagpipigil ka bang magbigay sa Diyos? Ibinibigay mo ba ang lahat ng iyong kakayahan?
2. Malalim ba ang iyong pagnanasang magdala ng mga kaluluwa sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
For more teachings, visit our website:
www.lordsflock.org/teachings/readingmaterials